FREQUENTLY ASKED QUESTIONS

KATAYUANG PAMPINANSIYAL NG PHILHEALTH BATAY SA JUNE 30, 2025 FINANCIAL STATEMENT

1 Maayos pa ba ang katayuang pampinansyal ng PhilHealth?

Oo. May malaking asset base ang PhilHealth na umaabot sa P580 bilyon. Bagama't nababawasan na ang retained earnings na dating nasa P150 bilyon sa pagtatapos ng taong 2024 dahil sa malawakan at tuloy-tuloy na pagbabayad ng mga benefit claims, nananatiling maayos ang kalagayang pinansyal ng korporasyon. Nagtapos ang 1st semester ng 2025 na nananatili ang reserve fund nitong P281 bilyon at may retained earnings na P101 bilyon.

2 Kahit walang natanggap na subsidiya ang PhilHealth ngayong taong 2025, nakakapagpatuloy pa ba ito sa pagpapalawig ng mga benepisyo?

Oo. Sa katunayan, bago matapos ang 2024 hanggang sa taong pangkasalukuyan (2025), ang PhilHealth ay naging matagumpay sa pagpapalawak ng mga sumusunod na benepisyo:

- PhilHealth YAKAP – pinalawak na primary care package (gamot, check-up, basic lab tests, at outpatient cancer screening tests)
- PhilHealth GAMOT – programa para sa libreng gamot (mas pinalawak)
- Outpatient Emergency Care Benefit (OECB)
- Heart surgery, cataract surgery, at serbisyong optometric
- Post-kidney transplant services
- Pagtaas ng 95% sa halos 9,000 case rates na hindi sakop ng rationalization
- At iba pa.

3 Nararamdaman na ba ang epekto ng pagpapalawak ng mga benepisyo?

Oo. Ang PhilHealth ay nakapagbayad ng P140.46 bilyon sa mga benepisyo mula Enero 1 hanggang Hunyo 30, 2025. Ito ay halos doble ng naibayad na P75 bilyon noong nakaraang taon sa kaparehong panahon.

4 Totoo ba ang sinasabing bankrupt na ang PhilHealth?

Hindi, nanatiling matatag ang katayuang pampinansyal ng PhilHealth. Kung titingnan ang Financial Statement, ang negative Members' Equity ay mula sa pagtatala ng Insurance Contract Liabilities o ICL. Ito ay isang estimate kung saan kinakalkula o tinutuos ang magiging obligasyon ng PhilHealth sa lahat ng mga miyembro habang sila ay nabubuhay. Ito ay isang standard sa accounting na ipinag-utos na gamitin ng mga ahensiya ng gobyerno gaya ng PhilHealth, SSS at GSIS.

Patuloy din ang pakikipag-ugnayan ng PhilHealth sa paghingi ng gabay sa Commission on Audit (COA) ukol sa nararapat na pagpapatupad ng accounting standards.

5 Gaano kabilis magbayad ng claims ang PhilHealth sa unang semester ng 2025?

Oo. Ang PhilHealth ay nakapagbayad ng P140.46 bilyon sa mga benepisyo mula Enero 1 hanggang Hunyo 30, 2025. Ito ay halos doble ng naibayad na P75 bilyon noong nakaraang taon sa kaparehong panahon.

6 Bababa ba ang kontribusyon ng mga direct contributors?

Mayroong nakabinbin na pag-amyenda sa Universal Health Care (UHC) Law sa Kongreso. Nakahanda ang PhilHealth na sumunod sa anumang ipag-uutos na batas.